BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Nobyembre 28, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Erin DeMerritt, 415-517-4147

## Distrito ng Hangin, mag-aalok ng $1200 para i-scrap ang mga lumang sasakyan sa Programang Pag-buy Back ng Sasakyan

*Mga sasakyang 1998 at mas luma, kwalipikado na*

**SAN FRANCISCO** – Nag-anunsyo ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng incentive na $1,200 sa pamamagitan ng Programang Pag-buy Back ng Sasakyan para sa mga residente ng Bay Area para i-scrap ang mga sasakyang 1998 at mas luma para mapaganda ang kalidad ng hangin.

Babayaran ng nasabing programa ang mga may-ari ng mga mas lumang sasakyang nagdudulot ng polusyon at maliliit na truck para boluntaryo nilang iretiro ang kanilang mga sasakyan. Walang makabagong teknolohiya sa pagkontrol ng emisyon ang mga mas lumang sasakyan, kaya mas matindi ang naidudulot na polusyon ng mga ito kaysa sa mga mas bagong modelo.

“Mahalagang instrumento ang Programang Pag-buy Back ng Sasakyan sa pagsusulong sa maagang pagreretiro ng mga sasakyan at truck na nagdudulot ng matinding polusyon sa ating mga kalsada, na may mga mas lumang makina na mas marumi kaysa sa mga bagong modelo at mas nakakasama sa kalidad ng hangin,” sabi ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Transportasyon pa rin ang pinakamalaking pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa Bay Area, at sa pag-scrap sa mga mas lumang sasakyan, malilimitahan ang mga mapaminsalang emisyon mula sa mga tambutso na napupunta sa hanging hinihinga natin.”

Kasama sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa Programang Pag-buy Back ng Sasakyan ang sumusunod:

- 1998 o mas luma dapat ang modelo ng sasakyan
- Nakarehistro dapat bilang napapatakbo at namamaneho ang sasakyan sa kasalukuyan
- Nakarehistro dapat ang sasakyan sa Bay Area sa nakalipas na 24 na buwan
- Dapat sumailalim at pumasa sa pagsusuri para sa smog ang mga sasakyan sa loob ng 60 araw pagkatapos ng pag-aatas ng pagsusuri para sa smog

Binabawasan ng programa ang mga pollutant sa hangin mula sa exhaust ng sasakyan, kasama ang mga pinong particle at precursor ng ozone, na siyang mga pangunahing sangkap sa smog. Ang mga pollutant na ito ay puwedeng magdulot ng mga sakit sa baga, at magresulta sa mas maraming pagkamatay. Sa pagreretiro ng mga mas lumang sasakyan, mababawasan din ang carbon dioxide, na isang matapang na greenhouse gas na puwedeng magresulta sa pagbabago ng klima.

Mula noong 1996, nakapagretiro na ang Programang Pag-buy Back ng Sasakyan ng Distrito ng Hangin ng mahigit 90,000 sasakyan, van, pickup truck, at SUV. Para sa bawat sasakyang may modelong mas luma sa 1998 na naaalis sa mga kalsada ng Bay Area, tinatayang 75 libra ng polusyon sa hangin ang

napipigilang ma-emit sa hangin taun-taon. Noong 2021, 3,000 sasakyan ang nairetiro, kaya 91 tonelada ng polusyon sa hangin ang naalis.

May pinapatakbo ang Estado ng California na isang kaugnay na programa na nag-aalok sa mga kwalipikadong consumer ng mga opsyon sa pagreretiro ng sasakyan para sa mga sasakyang hindi makakapasa sa pagsusuri para sa smog. Makakakita ng higit pa tungkol sa Programa ng Tulong sa Consumer sa www.bar.ca.gov/consumer/consumer_assistance_program.

Para matuto pa tungkol sa programang Pag-buy Back ng Sasakyan, bumisita sa www.baaqmd.gov/vbb.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*